**MAHAHALAGANG SALIK PARA SA PAGBABAWI NG BUHAY-EKKLESIA**

(Sabado—Sesyon sa Gabi)

Mensahe Anim

# Ang Salik ng Pagtutuos sa Ating Natural na Disposisyon para sa Ating Paglago sa Buhay at Ating Pagiging Kagamit-gamit sa Paglilingkod

Babasashi sa Kasulatan: Mat. 16:22-26; Gal. 2:20; 2 Cor. 1:8-9; 2:15; 3:3-6; 4:5; 5:20; Efe. 6:20

**I. Dapat nating tuusin ang ating natural na disposisyon para sa ating paglago sa buhay at ating pagiging kagamit-gamit sa paglilingkod:**

A. ipinahihiwatig ng ating natural na disposisyon ang kung ano tayo sa ating kabuuan sa pagkasilang, at ang ating pag-uugali ay ang panlabas na kahayagan ng ating natural na disposisyon; ang natural na disposisyon ay kung ano tayo sa panloob, at ang pag-uugali ay ang kung ano ang naihahayag natin sa panlabas.

B. Ang panloob na natural na disposisyon at ang panlabas na pag-uugali ay ang katas, ang esensiya, ng ating katauhan; ang sarili sa loob ay ang ating natural na disposisyon, at ang sarili na nahahayag ay ang ating pag-uugali.

C. Ang bagay na pinakanakasisira sa ating pagiging kagamit-gamit sa buhay-Kristiyano at buhay-ekklesia ay ang ating pamumuhay ayon sa ating natural na disposisyon; ito ang totoong kaaway ng ating paglago sa loob ng dibinong buhay at ang pangunahing salik na sumisira sa ating pagiging kagamit-gamit sa kamay ng Panginoon.

D. Dapat nating matutuhang tuusin ang "himulmol" sa ating katuhan, ang ating natural na disposisyon; kung tutuusin natin ang "himulmol" na ito, tayo ay mabilis na lalago nang walang anumang hadlang sa ating paglago sa buhay, at tayo ay magiging mas kagamit-gamit sa Panginoon.

E. Ang disposisyon ay ipinahiwatig sa mga katagang ginamit sa Mateo 16:23-26—*kaisipan*, *kanyang sarili*, at *buhay-kaluluwa*; ang disposisyon ay kinapapalooban ng lahat ng elementong ito; sa katunayan, masasabi natin na ang ating natural na disposisyon ay ang ating sarili.

F. Ang tuusin ang ating natural na disposisyon ay nangangahulugang tuusin ang ating sarili, ang ating buhay-kaluluwa, (bb. 22-26), ang ating lumang tao (Roma 6:6), at ang "ako" (Gal. 2:20); kung gaano ka magiging kagamit-gamit sa Panginoon o gaano karaming gulo ang magagawa mo sa ekklesia ay nakasalalay sa kung gaanong napatay ang iyong natural na disposisyon; ang paraan upang tuusin ang ating natural na disposisyon ay ang matanto at maalala na tayo ay mga naipakong tao at manatili sa ilalim ng pagkatanto at realidad na iyon sa buong maghapon (b. 20; 5:24-25; Roma 6:6; 8:13b).

G. Ang ating natural na disposisyon ay ang ating sarili; ito ay nasa loob natin, at ito ay tayo; sa praktikal na pananalita, ang itatwa ang sarili ay ang itatwa lamang ang ating natural na disposisyon; bilang mga Kristiyano, dapat nating ipamuhay si Kristo sa pamamagitan ng patuloy na pag-eensayo ng ating espiritu upang tanggihan ang ating sarili at mamuhay sa pamamagitan ng ibang buhay, ang naipako sa krus at nabuhay na muling Kristo, na isinasagisag ng puno ng buhay—Gen. 2:9; Fil. 1:21a; Apoc. 2:7; 1 Ped. 2:24; 1 Tim. 4:7-8.

**II. Hindi tayo dapat malimitahan ng ating natural na disposisyon sa gawain ng Panginoon; sa halip, dapat nating matutuhang mamuhay ng isang buhay ng pagsalungat sa ating sarili, ating disposisyon; anuman ang taglay natin at anuman ang nagmumula sa atin ay hindi maaaring dalhin sa loob ng paglilingkod sa Panginoon—Roma 1:9; 7:6; 2 Cor. 3:3-6; 4:5:**

A. Inaaninag ng natural na disposisyon ng ilang kapatid na lalaki ang isang malakas na kumpiyansa sa sarili; ang kanilang kumpiyansa sa sarili ay dapat maibagsak sa pamamagitan

ng patuloy na pagtanggi sa kanilang sarili at sa pamamagitan ng pagtitiwala sa bumubuhay na muling Tres-unong Diyos—1:8-9.

B. Lalong hindi gaanong naliwanagan ng Diyos ang tao, lalo niyang iniisip na wala siyang magiging suliranin sa pagsunod sa Diyos; lalong mabilis na nagpapahayag nang malakas ang isang tao , lalong pinatutunyan nito na hindi siya kailanman nagbabayad ng anumang halaga; yaong ang mga salita ay nagkukunwaring pagiging matalik sa Diyos ay marahil ang pinakamalayo sa Kanya—Mat. 6:1-6, 16-18; Luc. 18:9-14; Fil. 3:3.

C. Ang natural na disposisyon ng ilang kapatid na lalaki ay isa na tumatangging gumawa hangga't ang mga pagkakataon ay hindi sakdal o ang mga mga kalagayan ay hindi sapat; dapat nating tanggihan ang natural na disposisyon na humihiling ng isang partikular na kapaligiran bago tayo makagawa—1 Ped. 4:1; 1 Cor. 9:23-27.

D. Kailangan nating gumawang kasama ang Diyos sa pamamagitan ng isang buhay na kayang umakma sa lahat ng mga sitwasyon, na kayang tiisin ang anumang uri ng pagtrato, na kayang tanggapin ang anumang uri ng kapaligiran, na kayang gumawa sa anumang uri ngkalagayan, at kayang kunin ang anumang uri ng pagkakataon, para sa pagsasagawa ng ministeryo; dapat nating matutuhan ang sikreto ng pagdaranas kay Kristo sa lahat ng bagay at sa bawat dako—2 Cor. 6:1-2; Fil. 4:5-9, 11-13.

E. Isang uri ng natural na disposisyon ay yaong sa isang "bayani"; ang ganitong uri ay ang dapat gawin ang lahat ng bagay sa isang kahanga-hanga, sakdal, at ganap na paraan; isa pang uri ng natural na disposisyon ay yaong sa "hindi bayani"; ang hindi bayani ay hindi gumagawa ng anumang bagay sa isang masusi o ganap na paraan.

F. Ang ilang responsable kapatid ay may malakas na elemento sa kanilang natural na disposisyon na humahadlang sa kanila sa pakikipagkoordina at pakikipagtulungan sa iba; ang mga ito kadalasan ay mga lubhang may kakayahan, at madali rin silang pumukaw ng kaguluhan sa buhay-ekklesia; ang kanilang disposisyon ay maari pa ngang yaong may nangingibabaw na saloobin, isang sumusupil na espiritu, may kritikong pananalita, at isang legalistiko at di-mapagpatawad na espiritu.

G. Ang ibang responsableng kapatid ay maaaring may isang natural na disposisyon na nagnanais na magustuhan sila ng lahat at ayaw makasakit ng damdamin ng sinuman; nililimitahan nito ang kanilang pagiging epektibo sa gawain ng Panginoon, sapagkat kapag nais magsalita ng Panginoon ng isang tapat o prankang salita ng tagubilin o babala sa mga banal sa pamamagitan nila, hindi nila ito gagawin—cf. Col. 1:27-29; 1 Tes. 5:12-13; 1 Cor. 10:5-13; Heb. 3:7-19; 12:25:

1. Higit pa rito, yaong mga may gayong disposisyon ay maaaring maghayag ng "kakaibang apoy" ng natural na pagmamahal tungo sa mga banal, maging sa antas na nagsasanhi sa kanilang maging kapos sa wastong pagkilala at wastong pamamahala sa kanilang pangangalaga para sa ekklesia, sa mga banal, at sa gawain—Lev. 2:11; 10:1-2; Bil. 6:6-7; Fil. 1:9; 1 Ped. 2:25; 5:2; Heb. 13:17.
2. Isang malaking bahagi ng panata ng Nazareo ay ang ihiwalay ang ating sarili mula sa kamatayan na nagmumula sa natural na pagmamahal (Bil. 6:6-7); gayundin, ang handog na pagkain na walang pulot ay nangangahulugan na kay Kristo ay walang natural na pagmamahal o natural na kabutihan (Lev. 2:11; Mat. 12:46-50; Marc. 10:18).

H. Ang pinagmumulan ng anumang rebelyon sa gitna natin ay ang natural na disposisyon ng mga taong nasasangkot; ang ambisyon para sa posisyon (na nagmumula kay Satanas) ay ang pangunahing elemento ng natural na disposisyon ng bawat natisod na tao; ang ugat ng pagtutol ay ang sarili, ang natural na disposisyon—Isa. 14:12-13; Bil. 12:1-2; 16:1-3; 1 Sam. 15:10-12; Mat. 18:1-4; 20:20-28; Luc. 22:25-27; 2 Cor. 10:4-5.

I. Ang Ikalawang Hari 4:8-10 ay nagbibigay ng salaysay ng pagtanggap ng babaeng Sunamita kay Eliseo sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain para sa kanya sa tuwing siya ay dumaraan; hindi siya nagbigay ng isang mensahe o gumawa ng isang himala, subalit napagkilanlan siya ng

babae bilang “isang banal na tao ng Diyos” sa pamamagitan ng paraan ng kanyang pagkain; ito ang impresyon na ibibinigay ni Eliseo sa iba, kaya dapat nating tanungin ang ating sarili, “Anong impresyong ibinibigay natin sa iba?”—cf. 2 Cor. 2:15; 5:20; Efe. 6:20.

J. Kung babasagin ng Panginoon ang ating panlabas na tao kalakip ang ating natural na disposisyon, hindi na tayo magtatanghal sa iba ng ating malakas na sarili kapag hinihipo natin sila; sa halip, dadaloy palabas ang ating espiritu sa tuwing hihipuin natin ang mga tao; imposible para sa atin na malagpasan ang mga suliranin ng ating natural na disposisyon, subalit posible para sa Panginoon na gawin ito—Juan 7:37-38; Luc. 18:24-27; 19:2.

**III. Tinutuos ng Espiritu ang ating panlabas na tao, ang ating sarili, ang ating natural na disposisyon, sa pamamagitan ng pumapatay na elemento ng krus sa timpaladang Espiritu, sa pamamagitan ng disiplina ng Espiritu, sa pamamagitan ng pagsinag ni Kristo bilang Espiritu, at sa pamamagitan ng buhay-ekklesia, pamumunga, at pagpapakain ng kordero:**

A. Upang matuos ang ating natural na disposisyon, dapat nating itatwa ang sarili at iaplay ang pumapatay na kapangyarihan ng krus; kailangan nating makita at matanto sa ating karanasan na ang timplada, nagpapaloob ng lahat na Espiritu sa loob ng ating espiritu ay nagpapaloob ng mahalagang kamatayan ni Kristo at ng katamisan at bisa ng kamatayan ni Kristo, na kayang pumatay sa ating natural na disposisyon—Exo. 30:23-25; Fil. 1:19; Roma 8:13:

1. Si Kristo bilang timpladang Espiritu ay ang ating gamot upang pagalingin tayo, buhayin tayo, at patayin ang lahat ng negatibong bagay sa loob natin; kapag kinukuha natin Siya bilang ating gamot, natatamasa natin “ang paglalagay sa kamatayan kay Hesus,” o ang pagpatay kay Hesus—2 Cor. 4:10-11.
2. Sa Espiritu ay naroon ang pumapatay na elemento ng krus; kapag tinanggihan natin ang ating sarili sa umaga upang tanggapin ang Diyos tungo sa atin, mayroon tayong pandama sa buong araw na ang isang pumapatay na proseso ang nagaganap sa loob natin.

B. Ang gol ng disiplina ng Espiritu Santo ay upang tayo ay maging isang nabasag na tao; inilagay tayo ng Diyos sa isang dako na lubusang kawalan ng kakayahan at lubusang kawalan ng pagtatanggol bago Siya magkaroon ng daan sa atin; ang layunin ng mga pagsubok na pinagdaraanan natin ay upang matanggap natin ang pakinabang ng pagkakilala sa Diyos upang Siya ay mahayag—1:8-9; 12:9-10; Isa. 40:28-31; Hos. 6:1-3:

1. Ang pagbabasag sa panlabas na tao ay ang pagbabasag sa ating natural na disposisyon; ginagawang mahirap para sa atin ng ating natural na disposisyon na palayain ang ating espiritu; ang isang tao na hindi nabasag ng Diyos ay hindi maaaring pagkatiwalaan sa gawain ng Panginoon; ang kung ano tayo sa orihinal, kasama na ang ating natural na anyo at lasa, ay hindi tumutugma sa Diyos at hindi akma sa Diyos—Jer. 48:11.
2. Anuman tayo sa pagkasilang, mabuti man o masama, kagamit-gamit man o hindi, ay natural at pawang isang hadlang sa Espiritu Santo sa pagbubuo ng dibinong buhay tungo sa ating katauhan; dahil dito, ang ating natural na kalakasan, natural na karunungan, natural na katalinuhan, natural na disposisyon, mga natural na kakulangan, mga natural na mga kagalingan, dagdag pa ang ating pag-uugali at nakagawian, ay pawang dapat mapabagsak upang maihubog ng Espiritu Santo sa loob natin ang isang bagong disposisyon, bagong pag-uugali, mga bagongnakagawian, mga bagong kagalingan, at mga bagong katangian.
3. Upang isagawa ang gawain ng pagbubuong-muli, ang Espiritu Santo ng Diyos ay kumikilos sa loob natin upang liwanagan, pasiglahin, pangunahan, at tigmakan tayo ng dibinong buhay; Siya rin ay gumagawa sa ating kapaligiran upang isaayos ang bawat detalye, tao, at bagay (*matter, thing)* sa ating sitwasyon upang gibain ang lahat ng aspekto ng ating natural na katauhan upang maiwangis Niya tayo sa larawan ni Kristo bilang panganay na Anak ng Diyos—Roma 8:28-29.

4. Lahat ng bagay sa ating kapaligiran ay sinukat na sa atin ng ating Diyos; inuutusan Niya ang lahat ng bagay sa paligid natin, ang tanging layunin ay upang basagin ang ating mga kapuna-puna, mapurol, at matigas na bahagi—Awit 39:9; Mat. 10:29-30; Luc. 12:6.
5. Kung ang panlabas na tao ay hindi nabasag, ang panloob na tao ay hindi mapalalaya; ang sisidlang lupa ay dapat mabasag bago mapalaya ang kayamanan (2 Cor. 4:7); hangga't ang ungguwento ay nasa alabastrong kahon, ang halimuyak ay hindi mapalalaya (John 12:3).
6. Ang isang taong hindi nabasag ay hindi makapagpapasakop sa iba; tanging yaong mga nakaranas kay Kristo bilang kanilang buhay ng pagpapasakop ang nakakaalam sa pagiging mapaghimagsik ng kanilang natural na disposisyon—Fil. 2:5-8.
7. Sinuman ang mapagmalaki ay hindi pa nabasag, sinuman ang naninisi ng iba ay hindi pa nabasag, sinuman ang nag-iisp na siya ay isang bagay kapag siya ay walang anuman ay hindi pa nabasag, at sinuman ang nakikipagkumpetensya sa iba ay hindi pa nabasag—3:3; 1 Cor. 6:7; Gal. 5:25-26; 6:3.
8. Ang isa na hindi pa kailanman napiga, namaltrato, minaliit, o ginawan ng kamalian ng iba ay hilaw, mailap, at hindi kagamit-gamit sa Diyos; hindi dapat tayo magkaroon ng maling konsepto na lahat ng banal ay hahangaan at igagalang tayo dahil tayo ay isinugo ng Diyos, tinawag ng Diyos, at pinagkatiwalaan ng Diyos sa Kanyang gawain; ang isa na gumagalang sa atin ngayon ay maaaring uyamin at yurakan tayo sa ilalim ng kanyang mga paa bukas; ito ang daan ng isa na naglilingkod sa Panginoon—Juan 2:23-25; Gawa 14:11-13, 18-21; Marc. 11:8-10; cf. 15:9-15.

C. Ang pagpapalaya mula sa ating natural na disposisyon ay nagmumula sa panloob na pagsinag ni Kristo bilang isang dakilang liwanag; ang pagsinag na ito ay ang makita ang kung ano ang nakikita ng Diyos—Kaw. 4:18; 20:27; Awit 18:28-29; Mat. 4:16; Luc. 11:34-36; Gawa 9:3-5; 22:6-10; 26:13-19; Efe. 5:13; Fil. 2:15-16:
1. Ang pinakadakilang bagay sa pang-Kristiyanong karanasan ay ang pagpatay na nagmumula sa pagsinag ng dibinong liwanag; ang pagsinag ay ang kaligtasan, at ang pagkakita ay ang pagpapalaya; lahat ng tunay na nakakita ng isang pangitain ng Panginoon sa Kanyang kaluwalhatian ay naliliwanagan sa kanyang budhi hinggil sa kanyang karumihan—Isa. 6:1-8.
2. Pinagkakalooban tayo ng Panginoon ng higit na liwanag upang ihantad tayo at abain tayo; tanging ang ganitong uri ng pagsinag ang mag-aalis ng ating kapalaluan, at tanging ang liwanag na ito ang makakapagpahinto sa ating makalamang gawain at makakabasag sa ating panlabas na balat kalakip ang ating natural na disposisyon; lalo nating nakikita ang Diyos, nakikilala ang Diyos, at iniibig ang Diyos, lalo nating kinamumuhian ang ating sarili at lalo nating itatatwa ang ating sarili—Job 42:5-6; Mat. 16:24; Luc. 9:23; 14:26.
3. Hindi dapat natin subukang maging mapagpatawad o matiisin sa pamamagitan ng pagsisikap ng ating sarili, ng ating natural na disposisyon; sa halip, dapat nating matutuhan na magpatirapa sa liwanag ng Diyos, tanggapin ang Kanyang pagbabasag, at hayaan ang kapaligiran na basagin tayo at gibain tayo.

D. Kung hindi tayo kagamit-gamit sa kamay ng Panginoon para sa pangangalaga sa mga tao, ito ay dahil sa ating natural na disposisyon; ang buhay-ekklesia, pamumunga, at pagpapakain ng kordero ang tatlong bagay na pumapatay sa ating natural na disposisyon; upang tuusin ang ating natural na disposisyon, dapat nating ibigin ang Diyos sa pamamagitan ng pagkikipag-ugnay sa Diyos upang malalinan Niya bilang biyaya, at dapat nating ibigin ang mga tao sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa kanila upang lalinan sila ng Diyos bilang biyaya—Juan 21:15-17; Efe. 3:2; 4:29; 1 Ped. 4:10.

**IV. Ang pagtutuos ng Diyos kay Jacob ay isang ganap na larawan ng disiplina ng Espiritu Santo at ang Kanyang nagtatranspormang gawain sa mga Bagong Tipang mananampalataya upang tuusin ang kanilang natural na disposisyon upang si Kristo ay maihubog sa loob nila,**

**lubusang lumago sa loob nila, tungo sa paggulang; ito ang pagpapala ng Diyos sa atin at ginagawa tayong pagpapala sa iba upang sila ay matustusan ng dibinong pamamahagi ng Dibinong Trinidad—Roma 12:2; 2 Cor. 3:18; Heb. 6:1a; Gen. 12:1-3; Ezek. 34:26; Bil. 6:22-27:**

A. Ang buhay ni Jacob ay nagpapakita na ang isang natural na tao ay dapat dumaan sa pagbabasag upang maging Israel, isang prinsipe ng Diyos; ang ginigiba ng Diyos sa pamamagitan ng ating kapaligiran ay ang ating walang halagang sarili, ang ating natural na disposisyon; gayunpaman, ang itinatayo ng Diyos tungo sa atin ay ang Kanyang sarili, ang walang kapantay, lubhang nakaaangat, at walang katapusang Isa—1 Cor. 3:12.

B. Tinadhana ng Diyos si Jacob na mamuhay ng isang nagpupunyaging buhay sa lahat ng kanyang araw; Soberano Niyang isinaayos ang bawatpagkakataon, sitwasyon, at tao sa buhay ni Jacob at sinanhi ang lahat ng mga iyon na magkakalakip na gumawa para sa ikabubuti ni Jacob nang sa gayon ay matransporma Niya si Jacob, isang manununggab at tumatangan sa sakong, na maging Israel, isang prinsipe ng Diyos—Gen. 25:26; 32:24-32.

C. Ang pinakamalakas na pagpapakita ng paggulang ni Jacob sa buhay (ang huling yugto ng transpormasyon) ay ang katunayang pinagpala ni Jacob ang lahat ng tao; ang kanyang mga nanunununggab na kamay ay naging mga nagpapalang kamay; ang pagpapala ay ang pag-apaw ng Diyos bilang buhay sa iba sa pamamagitan ng paggulang sa buhay—47:7, 10; 48:14-16; 49:1-28.

*© 2021 Living Stream Ministry*